

Araling Panlipunan Reviewer - Set A

1. Ang Pilipinas ay isang _____.
 - a. bansa
 - b. siyudad
 - c. lungsod
 - d. probinsya
2. Ito ang tawag sa grupong naninirahan sa loob ng isang teritoryo.
 - a. tao
 - b. bansa
 - c. soberanya
 - d. pamahalaan
3. Alin sa mga sumusunod ang apat na elemento ng pagkabansa?
 - a. Tao, teritoryo, pamahalaan at soberanya
 - b. Teritoryo, soberanya, tao at kapangyarihan
 - c. Teritoryo, pamahalaan, soberanya at likas na yaman
 - d. Tao, pamahalaan at soberanyang panloob at panlabas
4. Ang ____ ay ang bahaging tubig na nasa kanluran ng Pilipinas.
 - a. Bashi Channel
 - b. Karagatang Pasipiko
 - c. West Philippine Sea
 - d. Tañon Strait
5. Ang ____ ay isa sa mga bansang nasa kanluran ng Pilipinas.
 - a. Indonesia
 - b. Japan
 - c. Australia
 - d. Vietnam
6. Ito ang tawag sa pagtukoy sa lokasyon ng isang lugar batay sa kinalalagyan ng mga katabi o kalapit nitong lugar.
 - a. Pangkaraniwang lokasyon
 - b. Pangunahing lokasyon
 - c. Relatibong lokasyon
 - d. Pantabing lokasyon
7. Ang Pilipinas ay may sariling teritoryo; humigit kumulang ____ na pulo ang bumubuo nito.
 - a. 7 641
 - b. 7 761

- c. 7 841
 - d. 7 961
8. Bilang isang mamamayang Pilipino, ano ang pinagbabasehan natin ng hangganan at lawak ng teritoryo ng Pilipinas?
- a. Artikulo I ng Saligang Batas ng 1987
 - b. Artikulo 2 ng Saligang Batas ng 1987
 - c. Artikulo 3 ng Saligang Batas ng 1987
 - d. Artikulo 4 ng Saligang Batas ng 1987
9. Anong bansa ang nasa dakong timog ng Pilipinas?
- a. Thailand
 - b. Indonesia
 - c. Vietnam
 - d. Laos
10. Ilang kilometro ang haba ng Pilipinas mula sa hilaga patimog?
- a. 1 107
 - b. 1 851
 - c. 7 641
 - d. 300 000
11. Ano ang posibleng dahilan kung bakit maraming iba't ibang halaman at hayop ang matatagpuan sa Pilipinas?
- a. Mahilig ang mga Pilipino sa mga halaman.
 - b. Mabilis tumutubo ang mga ito sa Pilipinas.
 - c. Palaging tag-araw sa bansa at angkop sila dito.
 - d. May matabang lupa at angkop ang klima ng Pilipinas sa mga ito.
12. Ito ay isang malawak na patag na lupa na nasa mataas na lugar. Mainam itong pastulan ng baka, kalabaw, at iba pang hayop.
- a. bulkan
 - b. burol
 - c. lambak
 - d. talampas
13. Ito ang pinakamalaking anyong tubig sa buong mundo.
- a. bukal
 - b. ilog
 - c. karagatan
 - d. kipot
14. Ito ang pinakamataas na anyong lupa.
- a. bulubundukin
 - b. bundok
 - c. kapatagan

- d. lawa
15. Ito ay patag at malawak na anyong lupa.
- bulubundukin
 - bundok
 - kapatagan
 - lawa
16. Ito ay isang mataas na anyong lupa na may bunganga at nagbubuga ng malalaking bato, putik, at abo.
- lambak
 - bulkan
 - kipot
 - bukal
17. Ang mga karaniwang lugar na madalas daanan ng bagyo at may posibilidad sa storm surge ay ang mga _____.
- baybayin
 - kagubatan
 - kapatagan
 - disyerto
18. Ang duck, cover, and hold ay ang mga bagay na dapat tandaan at gawin kapag may _____.
- tsunami
 - storm surge
 - lindol
 - hazard map
19. Alin sa mga sumusunod ang maaring magsilbing panangga sa mga bagyong dumarating sa ating bansa?
- matatarik na mga bangin
 - mahahabang bulubundukin
 - malalawak na mga kapatagan
 - matataas at aktibong mga bulkan
20. Ito ay isang anyong lupa na mataas ngunit patag ang ibabaw.
- talampas
 - pulo
 - kapatagan
 - bulkan
21. Maraming uri ng isda ang nabubuhay sa ating karagatan. Sa katunayan, ang pinakamalaking isda sa buong daigdig ay matatagpuan sa Pilipinas. Ito ay ang _____.
- Pandaka pygmaea*
 - Rhincodon typus*
 - Chanos chanos*

- d. *Orcinus orca*
22. Ang palay ay halimbawa ng anong uri ng likas na yaman?
- yamang gubat
 - yamang mineral
 - yamang pangisdaan
 - yamang pansakahan
23. Ang pilak ay halimbawa ng anong uri ng likas na yaman?
- yamang gubat
 - yamang mineral
 - yamang pangisdaan
 - yamang pansakahan
24. Anong paraan ang dapat gawin upang maparami ang ani?
- Pag-aaral ng paraan sa pagpaparami ng ani
 - Pagtatanim ng mga hybrid na pananim
 - Paggamit ng mga natural na pataba sa lupa
 - Lahat ng nabanggit
25. Ano ang tawag sa pagtugon sa pangangailangan at mithiin ng mga tao nang may pagsasaalang-alang sa kakayahan ng susunod na henerasyon na makamit din ang kanilang mga pangangailangan?
- kayamanang likas
 - likas kayang pag-unlad
 - kakayahang manakop ng ibang bansa
 - likas na kakayahang mag-angkin ng yaman ng iba
26. Ang mga sumusunod ay nagpapakita ng kahalagahan ng pamahalaan maliban sa isa. Alin ito?
- bumubuo ng mga programa para sa kapakanan at pangangailangan ng mga tao
 - pinagsisilbihan at pinoprotektahan ang mga mamamayan
 - nagpapatupad sa mga batas, programa at proyekto ng bansa
 - nagpapasimula ng mga gawaing hindi naaayon sa batas ng bansa
27. Siya ang pinuno ng sangay ng tagapagpaganap at ng pambansang pamahalaan.
- kinatawan
 - pangulo
 - presidente ng senado
 - punong mahistrado
28. Sila ang bumubuo sa mababang kapulungan.
- kinatawan
 - senador
 - gabinete
 - huwes

29. Siya ang nagsisilbing pinuno ng mababang kapulungan.
- ispiker
 - pangulo
 - pangulo ng senado
 - punong mahistrado
30. Ito ang mababang kapulungan ng sangay na tagapagbatas.
- Kapulungan ng mga Kinatawan
 - Senado
 - Gabinete
 - Hudikatura
31. Ang Sangay na _____ ay kinabibilangan ng mga mambabatas.
- Tagapagbatas
 - Tagapagpulong
 - Tagapaghukom
 - Tagapagwalis
32. Hindi maaaring pakialaman ng alin mang sangay ang bawat isa maliban kung _____.
- may kasunduan sila
 - nanghihimasok ang mga sangay sa isa't isa
 - hindi nagkakasundo ang mga mambabatas
 - may paglabag sa kapangyarihang nakasaad sa Saligang Batas
33. Anong programang pangkalusugan ng pamahalaan ang may layuning makapagbigay ng kumpletong gamot lalo na sa mga pangunahing sakit para sa mga mamamayan?
- pagbabakuna
 - National Health Insurance Program
 - Philhealth
 - Complete Treatment Pack
34. Isa sa mahalagang salik sa pag-unlad ng kaisipan ng mamamayan bilang isang indibidwal at sa pagsulong ng isang bansa ang maayos at dekalidad na sistema ng _____.
- turismo
 - kapaligiran
 - edukasyon
 - pamahalaan
35. Alin sa mga sumusunod na ahensya ang kaakibat ng lokal na pamahalaan sa pagsugpo sa mga krimen at paghuli sa mga taong lumalabag sa batas?
- Hukbong Katihan ng Pilipinas
 - Pambansang Pulisya ng Pilipinas
 - Kagawaran ng Tanggulang Pambansa
 - Sandatahang Lakas ng Pilipinas

36. Anong programa ng pamahalaan ang nagbibigay sa mga out-of-school youth ng pagkakataon na makapag-aral muli sa mga oras at araw na sila ay libre o di naghahanapbuhay?
- Day Care
 - Alternative Learning System (ALS)
 - TESDA
 - K-12 Basic Education Program
37. Alin sa mga sumusunod ang programang pang-edukasyong naglalayong mabigyan ng pagkakataong makapag-aral ang mahuhusay na mag-aaral ngunit walang sapat na panustos sa pag-aaral?
- day care
 - Abot-Alam
 - iskolarsyip
 - K to 12 Program
38. Ang mga halimbawa nito ay ang mga gusali, paaralan, ospital, tulay, kalsada, mga linya ng kuryente at internet, at iba pang mga pasilidad na ipinapatayo ng pamahalaan gamit ang mga buwis mula sa taumbayan, sa layuning mapabilis ang kaunlaran ng ekonomiya at lumikha ng maraming trabaho.
- kagawaran
 - lingkurang-bayan
 - ekonomiya
 - impraestruktura
39. Ang mga telepono, kompyuter, internet, radyo, at telebisyon ay napakahalaga sa paghahatid ng impormasyon. Aling ahensya ng pamahalaan ang nangangasiwa sa serbisyong ito?
- Kagawaran ng Edukasyon
 - Kagawaran ng Katarungan
 - Kagawaran ng Katalinuhang Artipisyal
 - Kagawaran ng Teknolohiyang Pang-Impormasyon at Komunikasyon
40. Sinisikap ng pamahalaan na mabigyan ng disenteng tirahan ang mga mamamayan lalo na yaong maliliit ang kita. Anong ahensya ang tumutulong sa proyektong pabahay ng pamahalaan?
- Kagawaran ng Repormang Pansakahan
 - Kagawaran ng Pananahanang Pantao at Pagpapaunlad ng Kalunsuran
 - Kagawaran ng Ugnayang Panlabas
 - Kagawaran ng Pabahay
41. Sino ang HINDI maituturing na isang mamamayang Pilipino?
- ang isang batang may ama o ina na mamamayang Pilipino
 - ang isang taong isinilang sa Canada
 - ang isang taong mamamayan na ng Pilipinas bago pa pinagtibay ang Saligang Batas ng 1987
 - ang mga dayuhang naging naturalisadong mamamayan ng Pilipinas ayon sa batas

42. Sino sa mga sumusunod na mga dayuhan ang maaaring mabigyan ng pribilehiyong maging Pilipino?
- Si G. Miller na sumasalungat sa nakatatag na pamahalaan ng Pilipinas.
 - Si G. Choi na nagmamay-ari ng ilegal na pasugalan.
 - Si Gng. Tan na sumusuporta sa mga kaugalian at tradisyong maka-Pilipino.
 - Si Bb. Dy na mula sa bansang nagbabawal sa kanilang mamamayang maging naturalisadong mamamayan ng Pilipinas.
43. Ito ay tumutukoy sa pagkamamamayan batay sa lugar ng kapanganakan.
- naturalisasyon
 - jus sanguinis
 - jus soli
 - lokalisasyon
44. Ang mga dayuhan ay maaaring maging mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng prosesong _____.
- bendisyon
 - eleksyon
 - lokalisasyon
 - naturalisasyon
45. Sa anong uri ng karapatan nabibilang ang karapatang mabuhay at maging malaya?
- likas na karapatan
 - karapatang kaloob ng binuong batas
 - karapatang pangkatutubo
 - karapatang nababawi
46. Ang karapatang politikal ay nauukol sa ugnayan ng mamamayan sa pamahalaan. Kasama rito ang sumusunod MALIBAN sa isa. Alin ito?
- karapatang bumoto
 - karapatang magpetisyon
 - karapatan sa pagkamamamayan
 - karapatang mag-angkin ng mga ari-arian
47. Ang karapatang magkaroon ng tirahan at ari-arian ay isang _____.
- karapatang politikal
 - karapatang pangkabuhayan
 - karapatang sibil
 - karapatang panlipunan
48. Anong karagatan ang matatagpuan sa silangan ng Pilipinas?
- Karagatang Indian
 - Karagatang Atlantiko
 - Karagatang Pasipiko
 - Karagatang Arktiko

49. Ang Dagat Pilipinas (Philippine Sea) ay matatagpuan sa aling direksyon ng Pilipinas?
- hilaga
 - timog
 - silangan
 - kanluran
50. Ito ang tawag sa malaking masa ng kalupaang may 240 milyong taon na ang nakalipas.
- Asthenosphere
 - Kontinente
 - Pangaea
 - Tectonic
51. Siya ang naghain ng teoryang nabuo ang kalupaan ng daigdig mula sa isang *supercontinent*.
- Albert Einstein
 - Alfred Wegener
 - Bailey Willis
 - Charles Darwin
52. Sino ang Amerikanong siyentista na naghain ng Pacific Theory?
- Alfred Wegener
 - Bailey Willis
 - Henry Otley Beyer
 - Robert Fox
53. Anong teorya ang ipinakilala ni Wilhelm Solheim II na sinasabing galing sa katimugang bahagi ng Pilipinas ang ating mga ninuno?
- teoryang Austronesian Migration
 - teoryang Core Population
 - teoryang Nusantao
 - teoryang Wave Migration
54. Ayon sa Relihiyong Kristiyano at Islam, nilikha ng Diyos o Allah ang unang dalawang tao na sina _____.
- Adan at Eba
 - Abraham at Sarah
 - Jose at Maria
 - Samson at Delilah
55. Sino-sino ang dalawang taong nagmula sa malaking kawayan?
- Adan at Eba
 - Malakas at Maganda
 - Adan at Maganda
 - Malakas at Eba
56. Alin sa ibaba ang natutunan ng mga sinaunang Pilipino noong Panahon ng Bagong Bato?
- tumira sa mga yungib

- b. magsaka at mag-alaga ng mga hayop
 - c. mangaso at mangangalap ng pagkain
 - d. gumamit ng mga tinapyas na bato na magaspang
57. Sila ang kinikilalang mga mahuhusay na mandirigma mula sa pangkat ng mga maharlika.
- a. bagani
 - b. bayani
 - c. pulis
 - d. sundalo
58. Sino ang naatasan ng datu para ibalita ang mga kaganapan sa kanyang barangay lalo na kung may mga pagtitipon?
- a. bagani
 - b. gat
 - c. lakan
 - d. umalohokan
59. Sa aling panahon gumamit ang mga tao ng magaspang na kasangkapang bato?
- a. Panahong Paleolitiko
 - b. Panahong Neolitiko
 - c. Panahon ng Metal
 - d. Wala sa mga ito
60. Sa aling panahon natutong gumawa ng banga at palayok ang mga sinaunang Pilipino?
- a. Panahong Paleolitiko
 - b. Panahong Neolitiko
 - c. Panahon ng Metal
 - d. Wala sa mga ito
61. Ang salitang barangay ay hango sa salitang balanghai o balangay na tumutukoy sa isang ____.
- a. sasakyang panlupa
 - b. sasakyang pandagat
 - c. sasakyang panghimpapawid
 - d. wala sa nabanggit
62. Ang aliping ____ ay may sariling bahay at naninilbihan lang sa datu kung may okasyon.
- a. timawa
 - b. sanduguan
 - c. saguiguilid
 - d. namamahay
63. Ano ang tawag sa sistema ng pakikipagkalakalan noong pre-kolonyal?
- a. barter
 - b. komunismo
 - c. open trade
 - d. sosyalismo

64. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kalagayan o sitwasyon ng Pilipinas noong prekolonyal o bago dumating ang mga mananakop?
- may sariling teritoryo
 - may sariling pamahalaan
 - may pananampalatayang Kristiyano
 - may sistema ng pagbasa at pagsulat
65. Ano ang ginawa ng mga barangay para maiwasan ang di-pagkakaunawaan at awayan?
- Nagkaroon sila ng mga paligsahan.
 - Kapwa sila nanalangin sa mga diyos upang maiwasan ang gulo.
 - Sinakop nila ang ibang barangay upang maging tagasunod ng kanilang datu.
 - Nakipagkasundo ang mga barangay sa isa't isa sa pamamagitan ng sandugo.
66. Sino ang nangunguna sa pagsasagawa ng mga ritwal ng mga Bisaya na pinaniniwalaang tagapamagitan sa mundo, diyos at yumao?
- babaylan
 - ganbanes
 - pari
 - pomares
67. Siya ang kaunaunahang Arabong Muslim na nagtatag ng pamahalaang Sultanato sa Sulu noong 1450.
- Sharif ul-Hashim o Sayyid Abu Bakr
 - Karim Ul-Makdum
 - Tuan Masha'ika
 - Raja Baginda
68. Saan unang lumaganap ang relihiyong Islam sa Pilipinas?
- Luzon
 - Mindanao
 - Samar
 - Visayas
69. Ito ay isang uri ng pamahalaang naitatag sa Mindanao ng mga Muslim.
- barangay
 - sultanato
 - lalawigan
 - rehiyon
70. Ano ang tawag sa alpabeto ng mga sinaunang Pilipino?
- Abakada
 - Alibata
 - Baybayin
 - Latin

71. Sino ang pinuno ng mga Espanyol na nagwagi sa labanan sa Cebu at Maynila?
- Juan Garcia
 - Miguel Lopez de Legazpi
 - Ruy Lopez de Villalobos
 - Saavedra Ceron
72. Ito ay isang pulo sa Pilipinas na pinaniniwalaang lugar kung saan ginanap ang unang misa.
- Bohol
 - Cebu
 - Limasawa
 - Siquijor
73. Siya ang kauna-unahang pari na nagdaos ng misa sa Pilipinas.
- Ferdinand Magellan
 - Antonio Pigafetta
 - Andres de Urdaneta
 - Pedro Valderrama
74. Ano ang paraang ginamit ng mga Espanyol na nagdulot ng kahinaan sa mga Pilipino dahil pinag-away nila ang mga kapwa Pilipino?
- divide and rule
 - kolonyalismo
 - merkantilismo
 - sosyalismo
75. Sino ang pinuno ng Cebu nang sakupin ni Legaspi ang kanilang lugar?
- Humabon
 - Kolambu
 - Lapu-lapu
 - Sulayman
76. Ang sapolitang pagpapatupad ng Kristiyanismo ay naging daan para sa _____.
- kanonisasyon
 - kolonisasyon
 - komunikasyon
 - komunyon
77. Ang pinakamakapangyarihang opisyal sa bansa sa pamahalaang sentral noong panahon ng mga Kastila ay ang _____.
- Alcalde Mayor
 - Cabeza de Barangay
 - Corregidor
 - Gobernador-Heneral
78. Ano ang naging mahalagang paraan na ginamit ng mga Espanyol para magtagumpay ang kanilang pananakop sa bansa?

- a. pakikipagkaibigan sa mga katutubo
 - b. pagbili ng mga produktong gawa ng mga katutubo
 - c. pagpapalaganap ng relihiyong Kristiyanismo sa mga katutubo
 - d. paglaban sa mga katutubo gamit ang mga sibat, bangkaw, at iba pa
79. Ang ____ ay ang taunang quota ng mga produktong dapat ipagbili sa pamahalaan mula sa mga magsasaka.
- a. bandala
 - b. galyon
 - c. polo y servicio
 - d. tributo
80. Anong katutubong pangkat sa Cordillera ang hindi nasakop ng mga Espanyol dahil kabisado ng mga mandirigmang katutubo ang mga pasikot-sikot sa mga bulubundukin na kanilang tahanan?
- a. Badjao
 - b. Igorot
 - c. Lumad
 - d. Tausug
81. Ang ____ ay isang anyo ng tulang pasalaysay na binubuo ng walong pantig at binibigkas sa kumpas ng martsa o allegro.
- a. korido
 - b. moro-moro
 - c. sarsuwela
 - d. senakulo
82. Sa ilalim ng kaninong panunungkulan tuluyang ipinatigil ang operasyon ng monopolyo sa tabako?
- a. Gobernador-Heneral Emilio Terrero
 - b. Gobernador-Heneral Jose Basco
 - c. Gobernador-Heneral Miguel Lopez de Legaspi
 - d. Gobernador-Heneral Primo de Rivera
83. Ito ang tradisyon ng pakikidigma at pamumugot ng ulo ng mga katutubong Igorot.
- a. bandala
 - b. jihad
 - c. moro-moro
 - d. pangangayaw
84. Sina ____ ay sumuporta sa ipinaglaban ni Andres Malong sa Pangasinan at namuno ng kanilang sariling pag-aalsa sa Ilocos Norte.
- a. Agustin Sumuroy at Pedro Ambaristo
 - b. Datu Banca at ang babaylan na si Pagali
 - c. Don Pedro Almazan at Juan Magsanop
 - d. Rajah Sulayman at Lakandula

85. Si _____ ang namuno sa tinaguriang pinakamahabang pag-aalsa laban sa mga Espanyol. Ikinagalit niya ang pagtutol ng pari na bigyan ng marangal na libing ang kanyang kapatid.
- Agustin Sumuroy
 - Francisco Dagohoy
 - Francisco Maniago
 - Pedro Ambaristo
86. Si _____ ang namuno sa pag-aaklas sa Pangasinan na nag-ugat sa hindi pagbabayad ng mga Espanyol ng kaukulang sahod sa libo-libong katutubong nagtatrabaho sa pagawaan ng barko.
- Andres Malong
 - Francisco Maniago
 - Francisco Matienza
 - Pedro Ambaristo
87. Bakit nag-alsa sa mga Espanyol si Pedro Ladia?
- dahil gusto niyang ibalik ang dating relihiyong katutubo
 - dahil tinanggihan siyang maging pari sa kadahilanang siya ay isang katutubo
 - dahil tinanggihan ng isang pari na mailibing sa Kristiyanong pamamaraan ang kanyang kapatid
 - dahil kinumpiska ang kanyang mga ari-arian ng mga Espanyol
88. Sino ang namuno sa pag-alsa sa Cavite?
- Mariano Gomez
 - Pedro Pelaez
 - Fernando La Madrid
 - Jose Burgos
89. Kailan ibinitay ang GOMBURZA?
- 17 Nobyembre 1869
 - 31 Disyembre 1869
 - 17 Pebrero 1872
 - 12 Hunyo 1898
90. Ano ang tawag sa panahon ng pag-usbong ng mga liberal na ideya sa mga Pilipino?
- Panahon ng Kalayaan
 - Panahon ng Katapangan
 - Panahon ng Kaliwanagan
 - Panahon ng Kapayapaan
91. Anong samahan ang itinatag ng mga ilustrado na humihingi ng reporma sa pamahalaan?
- Katipunan
 - Kilusang Propaganda
 - La Liga Filipina
92. Sino ang unang patnugot ng La Solidaridad?
- Emilio Jacinto

- b. Graciano Lopez Jaena
 - c. Jose Rizal
 - d. Marcelo H. del Pilar
93. Ano ang pahayagang inilathala ng mga Pilipinong liberal at Pilipinong mag-aaral sa Espanya?
Ang unang isyu nito ay nai-publish noong 1889.
- a. Diyaryong Tagalog
 - b. Kalayaan
 - c. Kartilya
 - d. La Solidaridad
94. Siya ang tinaguriang Utak ng Himagsikan.
- a. Andres Bonifacio
 - b. Apolinario Mabini
 - c. Emilio Aguinaldo
 - d. Emilio Jacinto
95. Kailan itinatag ang La Liga Filipina?
- a. Hulyo 3, 1891
 - b. Hulyo 3, 1892
 - c. Hulyo 6, 1892
 - d. Hulyo 7, 1892
96. Ito ang kinikilalang petsa ng hudyat ng himagsikan.
- a. Hulyo 7, 1892
 - b. Agosto 19, 1896
 - c. Agosto 23, 1896
 - d. Agosto 19, 1898
97. Paano natuklasan ng mga Español ang lihim ng Katipunan?
- a. Dumalo ang mga Español sa pagtitipon nito.
 - b. May nagsiwalat sa mga gawain nito.
 - c. Nag-alsa ang mga miyembro nito.
 - d. Namigay ito ng mga polyetos.
98. Sa Kumbensiyon sa Tejeros, naihalal si Andres Bonifacio bilang _____.
- a. pangulo
 - b. kapitan-heneral
 - c. direktor ng interior
 - d. direktor ng digmaan
99. Siya ang kinikilalang *Grand Woman of the Revolution* at Ina ng Balintawak.
- a. Gabriela Silang
 - b. Gregoria de Jesus
 - c. Marcela Agoncillo
 - d. Melchora Aquino

100. Sino ang nahalal bilang Kapitan-Heneral sa Kumbensiyon sa Tejeros?
- Andres Bonifacio
 - Artemio Ricarte
 - Emilio Aguinaldo
 - Mariano Trias
101. Kailan ang petsa ng pagbaril kay Dr. Jose P. Rizal sa Luneta?
- June 19, 1896
 - June 19, 1896
 - Disyembre 30, 1896
 - Disyembre 30, 1898
102. Idineklara niya ang kalayaan ng iwinagayway niya ang watawat ng Pilipinas sa kanyang bahay sa Kawit, Cavite.
- Andres Bonifacio
 - Apolinario Mabini
 - Emilio Aguinaldo
 - Jose Rizal
103. Naging pangulo siya ng lupon ng kababaihan na – habang patagong nagpupulong ang mga katipunero – kumakanta at sumasayaw upang malihis ang atensiyon ng mga guwardiya sibil, at sa ganitong paraan pinrotektahan ang samahan. Taga-ingat din siya ng mga lihim na dokumento.
- Gregoria de Jesus
 - Josefa Rizal
 - Melchora Aquino
 - Trinidad Tecson
104. Siya ang binansagang “Joan of Arc ng Kabisayaan” – kilala sa galing niya sa pagbaril at pangangabayo. Namuno siya sa mga grupong gerilya at matagal na lumaban sa digmaang Español at Amerikano. Tumulong din siya sa laban kontra sa mga Hapon; ibinenta niya ang kanyang mga personal na ari-arian upang makabili ng pagkain at mga gamit, na pagkatapos ay ibinigay niya sa mga lokal na gerilya.
- Marina Santiago
 - Melchora Aquino
 - Teresa Magbanua
 - Trinidad Tecson
105. Ano ang dahilan ng pagtungo ng mga Amerikano sa Pilipinas?
- ang pagkakasangkot ng Estados Unidos sa himagsikan sa Cuba
 - ang nais nilang magtatatag ng pamahalaang Amerikano
 - ang pagpapalawak ng teritoryo ng Estados Unidos sa Asya
 - ang kabutihan ng kanilang mga puso

106. Sino ang industriyalistang sinasabing nag-alok na bayaran ang Estados Unidos ng 20 milyong dolyar kapalit ng pagbigay nito ng kalayaan sa Pilipinas?
- Andrew Carnegie
 - Henry Ford
 - John D. Rockefeller
 - JP Morgan
107. Ang batas Amerikano na ito ang nagbigay sa mga Pilipino ng karapatan sa malayang pananalita at pagpapahayag, karapatang huwag mabilanggo dahil sa pagkakautang, kalayaan sa pagkakaalipin, at pagiging pantay-pantay sa harap ng batas.
- Batas Cooper
 - Batas Hare-Hawes-Cutting
 - Batas Jones
 - Batas Tydings-McDuffie
108. Sa panahon ng Pamahalaang Komonwelt, sino ang naging tanyag sa pagpinta tungkol sa pamumuhay sa nayon?
- Claro M. Recto
 - Felipe Buencamino
 - Fernando Amorsolo
 - Manuel L. Quezon
109. Kung simbahan ang simbolo ng pananakop ng mga Kastila, ano naman ang simbolo ng pananakop ng mga Amerikano?
- ginto
 - espada
 - paaralan
 - krus
110. Sinong Amerikanong Heneral ang natira upang ipagtanggol ang Corregidor?
- Chester W. Nimitz
 - Douglas MacArthur
 - George S. Patton
 - Jonathan Wainwright
111. Ito ang tawag sa pulisyang militar ng mga Hapones.
- gerilya
 - Homma
 - HUKBALAHAP
 - Kempei-tai
112. Bakit labag sa konstitusyon at saligang batas ng Pilipinas ang patakarang Parity Rights sa Estados Unidos?
- Ito ay isang paraan ng pakikipagkaibigan sa ibang bansa.
 - Ito ay patakarang nag-uutos na tumangkilik sa mga produkto ng ibang bansa.

- c. Ito ay isang paraan ng panghihimasok ng makapangyarihang mga bansa sa mga bagong tatag na estado.
 - d. Ito ay kasunduang nagbibigay ng pantay na karapatan sa mga Pilipino at Amerikano na linangin ang mga likas na yaman ng bansa.
113. Sino ang tinaguriang “Tagapagligtas ng Demokrasya” dahil sa kanyang matagumpay na pagsumpo sa banta ng Hukbala at pagkumbinse niya ni Luis Taruc na sumuko?
- a. Carlos P. Garcia
 - b. Elpidio Quirino
 - c. Ramon Magsaysay
 - d. Sergio Osmeña Sr.
114. Alin sa mga sumusunod na pahayag ay tama?
- a. Ang *soberanya* ay ang pinakamataas na kapangyarihan ng estado na mag-utos sa, at pasunurin ang, mga nasasakupan nito.
 - b. Ang *panlabas na soberanya* ay tumutukoy sa kapangyarihan ng estado sa loob ng bansa na mapasunod ang mga nasasakupan nito.
 - c. Ang *panloob na soberanya* ay tumutukoy sa kalayaan ng bansa na itaguyod ang mga gawain nito na hindi pinakikialaman ng ibang bansa.
 - d. Lahat ay tama
115. Ano ang *writ of habeas corpus*?
- a. Ito ay isang proteksiyon mula sa ilegal na pagkakakulong o detensyon.
 - b. Ito ay pagpapakulong sa mga nagkasalang mamamayan.
 - c. Ito ay ang mabilis na pag-aresto sa isang indibidwal.
 - d. Ito ay pagpapalaya sa mga nakakulong.
116. Anong proklamasyon ang nagbigay-bisa sa pagdeklara ng Batas Militar?
- a. Proklamasyon Bilang 1800
 - b. Proklamasyon Bilang 1081
 - c. Proklamasyon Bilang 1091
 - d. Proklamasyon Bilang 2000
117. Anong bansa ang malakas na katunggali ng Pilipinas sa isyu ng teritoryo sa West Philippine Sea?
- a. Vietnam
 - b. Singapore
 - c. Malaysia
 - d. China
118. Ang ugat ng suliraning ito ay kawalan ng trabaho, kakulangan ng edukasyon, mabilis na paglobo ng populasyon at ang hindi paglago ng sektor ng agrikultura.
- a. droga
 - b. kahirapan
 - c. kalamidad
 - d. korapsyon

119. Sinong pangulo ng Pilipinas ang humarap sa impeachment trial?
- Joseph Estrada
 - Benigno "Noynoy" Aquino III
 - Cory Aquino
 - Fidel V. Ramos
120. Ano ang pinakamahabang ilog sa Pilipinas?
- Agusan River
 - Cagayan River
 - Pasig River
 - Rio Grande de Mindanao

Answer Key

1. a	26. d	51. b	76. b	101. c
2. a	27. b	52. b	77. d	102. c
3. a	28. a	53. c	78. c	103. b
4. c	29. a	54. a	79. a	104. c
5. d	30. a	55. b	80. b	105. a
6. c	31. a	56. b	81. a	106. a
7. a	32. d	57. a	82. d	107. a
8. a	33. d	58. d	83. d	108. c
9. b	34. c	59. a	84. c	109. c
10. b	35. b	60. b	85. b	110. d
11. d	36. b	61. b	86. a	111. d
12. d	37. c	62. d	87. d	112. d
13. c	38. d	63. a	88. c	113. c
14. b	39. d	64. c	89. c	114. a
15. c	40. b	65. d	90. c	115. a
16. b	41. b	66. a	91. b	116. b
17. a	42. c	67. a	92. b	117. d
18. c	43. c	68. b	93. d	118. b
19. b	44. d	69. b	94. b	119. a
20. a	45. a	70. c	95. b	120. b
21. b	46. d	71. b	96. c	
22. d	47. c	72. c	97. b	
23. b	48. c	73. d	98. c	
24. d	49. c	74. a	99. d	
25. b	50. c	75. a	100. b	